Tagalog

# One Nation Built on the Strength of Immigrants

## One Nation Commission Report




ONE NATION COMMISSION

# Mga Natuklasan at Tagapagpaganap na Buod

1. Mga datos mula sa maraming pag-aaral at mahigit 250,000 mga komento at kwentong iniulat sa Pederal na Rehistro bilang tugon sa ipinapanukalang pagpapalawak at mga pagbabago sa batas ng Pabigat sa Publiko na nagpapataw ng malalang paghihigpit sa mga imigrante na nagbibigay ng mga nagpapatunay na puntos at pangangatwirang moral na ang ating Nagkakaisang Estado ng Amerika ay isang bansang itinayo sa lakas ng imigrante.

2. Ang mga imigrante ay nagbibigay-buhay sa ating lakas paggawa, nagpapayaman sa ating ekonomiya, nag-aambag ng buwis, lumilkha ng maunlad na lipunan, nagpapanday ng mayamang kultura, nagpapasigla ng pagbabago at pagkamalikhain, pinalalakas ang malusog na samahan at suportahan ng pamilya, at ginagawang mas malakas ang Amerika.

3. Ang mga datos at pag-aaral na nakatutok sa boses at impluwensya ng mga Asyano-Amerikano at taga-Isla Pasipiko (AAPI) ay nagbibigay ng partikular na malinaw na ebidensya sa hindi-Amerikano at malupit na epekto sa ipinapanukalang batas sa Pabigat sa Publiko sa loob ng kontekstong 2019 ng nakagugulat bigwas ng kontra-imigranteng atake.

4. Maraming mga katunayan at kwento ng mga tao ang magwawaksi sa kasinungalingan at maling akala na ipinupukol sa mga AAPI. Salungat sa mga karaniwang pagtingin na ang mga imigrante ay banta sa mga manggagawang Amerikano, ang mga manggagawang imigrante ang pumupuno sa lakas paggawa sa Amerika, na nag-aambag nang malaki sa ekonomiya.

5. Ang mga komunidad ng AAPI ay naglalaman ng mas maraming imigrante kumpara sa iba pang lahi o etnikong grupo at nagpakita ng mainit na pagmamalasakit sa pagpapalaganap ng Ulat ng One Nation Commission, na isasalin sa siyam na wikang Asyano, at gagawing isang pelikula.

6. Ipinapakita ng mga pag-aaral tungkol sa mga botante na ang mga imigrante, gaya ng mga AAPI, ay may kapangyarihang uguyin ang eleksyon, apektuhan ang opinyon ng publiko, at ginagawang ilagay sa palad ng mga imigrante ang pag-iimpluwensya sa mga desisyong may kahihinatnan.

7. Ipinakikita ng mga pag-aaral tungkol sa pangangalaga sa kalusugan at mga benepisyo ang makabuluhang ambag na ibinibigay ng mga imigrante para sa mga health coverage at insurance pool. Gumagamit nang mas kaunting pampublikong benepisyo ang mga imigrante kaysa sa mga residenteng ipinanganak sa U.S., mahalaga sa sistema ng buwis at iba pang pampublikong imprastraktura, at matinding kinakailangan ng ating bansa para sa kalusugan, kaligtasan, at panlipunang kapakanan ng publiko.

8. Lumalaki ang kilusan mula sa matatapang na nahalal na opisyal at mga tagapamahala ng mga hindi-kumikitang organisasyon, sa mga matatapang na pilantropong nagsasabi ng katotohanan, na naghahanda para lumaban sa labanang nagaganap sa mga korte, bulwagan ng Kongreso, kalsada, at nagbibigay ng pag-asa, inspirasyon, at mga katotohanang nagpapatunay na Mas Pinalalakas ng mga Imigrante ang Amerika.

9. Sa mga mata at pagkadalubhasa ng mga Commissioner, Advisor, at mga nasasakupan ng One Nation, ang ulat na ito ay isang manwal na magbibigay sa mga gumagawa ng batas, mamamahayag, kandidato, at pinuno sa kaisipan ng mga makabuluhan at napapanahong pagkatuklas tungkol sa hindi maiiwasang mahahalagang epekto na ibinibigay ng milyun-milyong imigrante at kanilang mga kamag-anak sa pagpapalakas ng lipunang Amerikano.

# Mga Rekomendasyon

**Intermedya**

- Panindigan ang matagal, 150-taong mga pamantayan, nilinaw noong 1999, at sinistematisa ng Kongreso, na siyang tumanggi sa pagpapabilang sa mga suporta sa Medicaid, food stamp, o pabahay sa patakaran ng Pampublikong Singil. **Inirerekomenda ng Komisyon ng Isang Bansa (One Nation Commission) na hindi dapat ilapat ang patakaran sa Pampublikong Singil sa mga pampublikong benepisyo maliban sa salapi para sa kapakanan at pangmatagalang pangangalaga.**

**Malapit na panahon:**

- Suportahan ang mga kaso at pag-uutos sa pederal, pang-estado, at paligid na korte, nang may intensyong harangan ang Pampublikong Singil mula sa pagpapatupad.
- Suportahan ang lehislasyon ng Kongreso at Senado para pigilan ang pagpopondong pederal sa pagpapatupad ng mga polisiya ng Pampublikong Singil.
- Suportahan ang mga resolusyon ng estado na nananawagan para harangan ang pagpapatupad ng bagong pinalawak na patakaran ng Pampublikong Singil.
- Suportahan ang sa county at iba pang lokal na resolusyon at wikang nagkokondena ng bagong pinalawak na patakaran ng Pampublikong Singil.

**Mas mahabang panahon**

- Isulong ang pag-unawa sa mga katotohanan, kasaysayan at sangkatauhan ng imigrasyon sa Estados Unidos, kabilang na ang pagkilala na ang mga imigrante ay maaaring dumating sa baybaying ito nang may kakaunting kayamanan, ngunit sa pagtagal ng panahon ay makapagaambag at magbebenepisyo sa ekonomiya, kagalingan, at sa lipunan bilang isang buo sa bansa. Inirerekomenda ng Komisyon ng Isang Bansa na yakapin, salubungin, at protektahan ng ating mga pambansa, pang-estado, at lokal na polisiya at batas ang mga imigrante.


- Hikayatin ang matagumpay na paglipat sa U.S. ng mga imigrante sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang mga pangunahing wika habang nagpapakadalubhasa pa sila sa Ingles, at pagsiguro sa kanilang mga karapatang pangrelihiyon at pangkultura.

- Suportahan ang pangangalagang pangkalusugan ng lahat ng mga residente, pagkatapos mailahad ang mga katotohanan at datos na nagpapatunay na uunlad ang ekonomiya at lipunan kapag ang lahat ng mga miyembro nito ay makakalahok sa kaligtasan ng mga pundamental na serbisyo at oportunidad.

- Magbigay ng seguridad sa pagkain at nutrisyon para sa mga pamilya at bata, bilang ang mga komunidad ay uunlad, matututo, at magtatagumpay kapag mayroong sapat na nutrisyon para sa pag-unlad ng utak, nakamit na pang-akademiko, at tagumpay sa karera.

- Suportahan ang karapatan at tulong sa kanlungan at pabahay, bilang ang mga pamilya at bata na may ligtas at komportableng bahay ay may kakayahang magtagumpay.

- Magtatag ng mga makabuluhang batas at polisiya sa imigrasyon na sumasalamin sa kahalagahan ng mga imigrante, para matugunan ang mga pangangailangan ng susunod na lakas-paggawa ng Amerika at matiyak ang kalusugan ng ating bansa.



# Ang Kaibahan ng AAPI

## Mga Katotohanan Tungkol sa Pinakamabilis na Lumalaking populasyon ng mga Imigrante sa Amerika

Ang mga Asyano-Amerikano at mga taga-Isla Pasipiko (AAPI) ay ang pinakamabilis lumaking demograpiko na hindi-puti at parang ang magiging unang henerasyong migrante kaysa ibang grupo. Ngunit dahil sa maling impormasyon, maling akala, at simpleng kawalang alam madali pa ring nababali ang pagtingin ng publiko, pati ng mga gumagawa ng desisyon at pinunong nag-iisip. Laganap ang mga maling pagkilala na ikinakabit sa lahat ng mga Asyano-Amerikano na “modelong minorya,” o mga kahina-hinalang mga mananakop na, bilang mga imigrante, nakikinabang lamang kapag nakatuntong sa bansang ito.

Sa kabaligtaran, ang mga naunang imigrante mula sa Asya at Pasipiko ang naglagay ng transkontinental na daan para sa mga Amerikano at ginawa ang malalawak na plantasyon ng Hawaii, pati na rin ang mabilis na lumalaking sakahanang agribusiness at industriya ng paglalata ng isda sa Kanlurang Baybayin ng US. Gayunpaman, ang mga maagang kontribusyong ito ay binalewala sa kasaysayan at ginantimpalaan lamang ng mga batas na mapagpalayas, at nananatiling malabo sa kolektibong alaala ng bayan. Ang mga kontribusyon ng mga AAPI ngayon ay hindi lamang bastang kakaunti.

Sa panahon ngayon, ang pagtingin ng mga pinakamatataas na opisyal ng Amerika na ang mga imigrante, kabilang na ang mga AAPI, ay mga taong umaasa lamang sa kayamanan ng bansa ay nagpapataas at nagpapalaki sa impresyon na ang mga imigrante--partikular ang mga hindi taga-Europang imigrante--ay maaaring maging pabigat sa publiko. Ngunit ipinapakita ng mga kagalang-galang na datos tungkol sa mga Asyano-Amerikano at mga taga-Isla Pasipiko ang hindi kawastuhan ng mga akalang ito, sa halip pinatutunayan na lalo pang pinalalakas ng mga AAPI ang kayamanan at kapakanan ng bansang ito.

**Ang mga Asyano Amerikano at taga-Isla Pasipiko ay may kalakihan at mabilis na lumalagong populasyon sa US.**

• Binubuo ngayon ng magkakaiba at hindi-puting AAPI ang 7 porsyento ng populasyon ng US at inaasahang magti-triple pa ito sa laki sa taong 2065, lalampasan ang 24 na milyong indibidwal mula sa higit dalawang dosenang bansa, 50 etniko, 100+ wika, at higit pa sa isang dosenang relihiyon. Mahigit sa kalahat ng populasyon ng AAPI ngayon ay ipinanganak sa ibang bansa [1], na may imigrante mula sa Asya na katumbas sa isang-kapat ng lahat ng mga imigranteng dumating sa US mula 1965. [2]

**Ang mga Asyano Amerikano at taga-Isla Pasipiko ay hindi maaaring mawalang pwersa sa ekonomiya at lipunan ng U.S. bilang mga mamimili, manggagawa, may-ari ng negosyo, intelektwal, at kalahok sa pangmamamayang pamumuhay.**

• Pangmalakasang mamimili ang mga Asyano Amerikano at taga-Isla Pasipiko, nagbubunga sila ng pinagsamang $455.6 bilyon sa pagbili noong 2015 bagaman, gaya ng ibang demograpikong grupo, mayroon silang pagkakaiba sa mga antas ng kita, inabot na pag-aaral, propesyon, at trabaho [3]

• Ang kanilang makapangyarihang pamimili ay nasa mataas na panggitnang kita ng pamahayan ng mga imigrante, kung saan ang mga miyembro ng pamilya ay madalas na kolektibong nag-aambagan: $75,000 noong 2015, mas higit pa sa mga pamahayan sa U.S. sa pangkalahatan ($55,300). [4]

• Bukod pa rito, noong 2016 ang 555,262 na negosyong pag-aari ng mga AAPI ay nagbigay ng aabot sa $691 bilyong kita, mas mataas kaysa sa ibang grupong minorya, at nagbigay trabaho sa mahigit 4.4 milyong manggagawa sa U.S., mas higit pa rin kaysa sa ibang minoryang grupo. [5]

• Makabuluhang pinagmumulan ng pampublikong yaman ang mga pamahayang AAPI, nag-aambag ng $184 bilyong buwis sa pananalapi ng gobyerno sa 2012 pa lamang. [6]

## Ang mga AAPI ngayon ay may hindi hamak na mataas na antas ng edukasyon, pinahuhusay ang kanilang halaga bilang bahagi ng lakas paggawa sa Amerika.

• Sa 2015 pa lamang, mahigit 60 porsyento ng mga bagong dating na AAPI, edad 25 pataas, ay nakatapos ng kolehiyo, doble pa sa pangkalahatang katapat nila sa ipinanganak sa U.S.[7] Sa mga Asyanong may kaparehong saklaw ng edad noong 2017, 88 porsyento ang mayroong kahit diploma sa high school man lamang o katumbas nito.[8]

• Mas malamang ang mga Asyanong babae na may trabahong namamahala, propesyunal, at iba pang katulad na trabaho kaysa sa ibang nagtatrabahong kababaihan: 50 porsyento ng babaeng Asyano kumpara sa 45 porsyento ng mga babaeng puti. Dalawampung porsyento ng mga empleyadong lalaking Asyano ay nagtatrabaho sa serbisyong propesyunal at pagnenegosyo, mas mataas kaysa sa naibabahagi ng mga puti (13 porsyento). [9]

## Ang mga AAPI ang nagpapalakas ng siyentipiko at teknolohikal na makumpitensyang nasyong nangunguna sa ekonomiya ng mundo

• Ang mga Asyano Amerikano at taga Isla-Pasipikong imigrante ay kadalasasang higit pa sa dalawang ulit na nakukuhang empleyado ng siyensya, teknolohiya, inhinyero at matematika  kaysa sa mga mangagawang amerikano sa kabuuan.

• Mula 2003 at 2012 nasa 680,000 na mga bagong Asyanong propesyonal ng siyensya, teknolohiya, inhinyero at matematika at iba pang propesyong gaya nito. Noong 2011, 62 %(66,137) ng inisyal na H-1B visas ay mga empleyado ng teknolohiya ang naibigay mula sa India at China.




**“Sa ilang tiyak na estado, ang boto ng Asyano-Amerikano ay sapat upang makatulong na kunin ang margin ng tagumpay,”**

**ayon kay Rep. Grace Meng, ng New York, isang pangalawang tagapangulo ng DNC, sa NBC News noong Marso 26, 2019. Ani pa niya na naniniwala siyang ang mga AAPI sa Wisconsin, Minnesota, Texas, California at Nevada, ay maaaring maging mapagpasya sa halalan sa pagkapangulo sa susunod na taon.[26]**

**Dahil sa tumatandang populasyon ng US, noong 2018 nalampasan ng pangangalaga sa kalusugan ang pagmamanupaktura at pagbebenta (retail) bilang pinakamalaking sektor sa empleyo sa US. Mayroong malaking papel ang mga AAPI sa pagsisilbi sa pangangalaga sa kalusugan, na madalas kulang sa tauhan. [11]**

• Higit sa dalawang beses pa ang AAPI ang nagtatrabaho bilang mediko-propesyunal kaysa sa ibang mga Amerikanong nakatuntong ng kolehiyo. [12]

• Ang datos ng Census sa U.S. sa 164,000 na propesyunal sa pangangalaga sa kalusugan noong 2016 ay natagpuan na halos 17 porsyento sa mga ito ay ipinanganak na dayuhan at na ang Asya ang may pinakamaraming naipapadalang propesyunal sa pangangalaga sa kalusugan sa U.S., katumbas ng anim na porsyento ng kabuuang lakas paggawa. [13]

• Hanggang gitnang-1980, 75 porsyento ng lahat ng mga dayuhang nars sa U.S. ay mga Filipinong nars. Ang imigrasyon ng mga nars mula sa Pilipinas ay nananatiling nangunguna sa pagdagsa ng mga nars sa ibang bansa. [14]

## Ang industriyang nagbibigay-kalinga ay lumalaki rin ang dami nang dahil sa tumatandang populasyon ng U.S., mayroong makabuluhang papel ang mga AAPI sa sektor na ito.

• Ang mga AAPI na katuwang sa pansariling pangangalaga, katuwang sa kalusugan sa bahay, at mga katuwang sa pag-aalaga na tumutulong sa mga nakatatanda at mga taong may ispesyal na pangangailangan ay tumutumbas sa walong porsyento (160,000) ng higit sa dalawang milyong manggagawa sa mga bahay kalinga noong 2016. [15]

## Mabilis ang pagiging marami-raming bilang ng mga AAPI sa panahon ng eleksyon sa U.S., na mayroong mataas na antas ng pangmamamamayang pakikilahok.

• Sa hanay ng mga imigranteng Asyano, 58 porsyento ang naging mamamayan ng U.S., bagaman malawak pa rin ang pagkakaiba ng bilang ng mga nananaturalisa sa iba't ibang etniko. [16]

• Sa pagitan ng 2000 at 2008 ang bilang ng mga Asyano-Amerikanong maaaring bumoto ay tumaas ng halos 50 porsyento [17] at inaasahang aabot sa kabuuang tantyang 13.7 milyon sa taong 2020.[18]

• Tumaas ang bilang ng mga rehistradong botanteng AAPI mula 2.4 milyon noong 2000 sa 5.8 milyon. Tatlumpu't walong (38) porsyento sa mga ito ay hindi kadikit ng anumang partido. [19]

• Mas dumarami na ang bilang ng mga AAPI na tumatakbo sa Kongreso: walo noong 2008; sampu noong 2010; tatlumpu noong 2012 hanggang tatlumpu't siyam noong 2014; apatnapu noong 2016 hanggang sa higit walumpu noong 2018. [20]

• Ngayon mahigit 600 na AAPI ang nahalal na opisyal sa iba't ibang antas ng gobyerno. [21]

**Ang bilang ng mga botanteng AAPI ay nagiging mapagpasyang salik sa maraming elektoral na distrito, kasama na ang mga swing state.**

• Tinatayang isa sa apat na Distritong Kongresyunal ay mayroong mahigit sa 5 porsyento ng mga residenteng AAPI at higit pa sa 5 porsyento ng populasyon sa halos 600 na lungsod at munisipalidad ang AAPI. [22]

• Binubuo ng karapat-dapat na mga botanteng AAPI ang mahigit sa 5 porsyento ng mga maghahalal sa 7 estado: Hawaii, California, Nevada, Washington, New Jersey, New York, at Alaska. [23] Nevada, Arizona, at North Carolina--ang tatlong estadong may pinakamabilis na lumaking populasyon ng mga AAPI--ay mga "swing state."[24]

• Sa gitnang termino ng 2018, nagkaroon ng potensyal ang mga Asyano-Amerikano at taga-Isla Pasipiko na uguyin ang laban sa 27 distritong kongresyunal sa kabuuan ng 11 estado. [25]

**Sinaliksik at isinulat ni Rene Ciria-Cruz, isang kolumnista at hepe ng U.S. Bureau ng Inquirer.net.**

###



# Higit na Pinalalakas Ng Mga Imigrante ang Amerika

Alinsunod sa mga pangunahing asal ng Amerika na nakatatak sa Bantayog ng Kalayaan (Statue of Liberty) na tumanggap sa mga imigrante ng higit sa isang siglo ang istorikong nagbigay sa mga mababang-sahod at ligal na imigrante ng daan para sa mga benepisyo ng pangangalaga sa kalusugan, pagkain, at pabahay na galing sa gobyerno.

Niyakap at pinahalagan ng mganakaraang presidente ang mga imigrante at ang kanilang mga naging ambag: isinulat ni John F. Kennedy na nagmula ang bayang ito sa mga imigrante; sabi naman ni Ronald Reagan na kumukuha ng lakas ang Amerika mula sa bawat bansa at bawat sulok ng mundo; nilagdaan ni George H.W. Bush ang Batas sa Imigrasyon ng 1990 na mayroong probisyon sa “pagkamatarungan sa pamilya”; ipinagtanggol nina George W. Bush at Barack Obama ang landas para sa pagkamamamayan ng mga hindi-dokumentadong imigrante.

Mahirap ang lumipat sa isang bagong bansa, may mga pagkakataong kailangan ng tulong ng mga bagong dating na makita ang lugar nila sa Amerika; madalas na sa pansamantala at mababang-sahod na trabahong walang benepisyo lamang nakakapasok ang mga imigrante.

Ang ipinapanukalang pagbabago sa pederal na batas ay hahadlang sa mga migrante na makapasok sa bansa kung ipagpalagay na maaari nilang gamitin ang anumang benepisyo sa pangangalaga sa kalusugan, pagkain, at pabahay ng pederal na gobyerno. Ibig sabihin nito, ang mga imigranteng may limitadong kasanayan sa wikang Ingles, edukasyon, mababang sahod, o yaong mga bata, matanda, o nasa edad na maaari nang magkaanak ay mahihirapang makakuha ng green card o makapasok ng U.S. Kabaligtaran ito ng pakahulugan ng “pagbibigay sa publiko,” at direktang pagsalungat sa matagal nang umiiral na mga polisiya at prinsipyo ng bayang ito.

Pinatutunayan ng mga datos ng napakaraming pag-aaral na ang mga imigrante ay kapaki-pakinabang sa lipunan at higit pa nilang pinalalakas ang Amerika, sa kabila ng mga mapanlinlang at maling paratang laban sa kanila.

## Umaasa ang Kalusugan ng Amerika sa mga Imigrante

Higit sa isa sa apat na doktor sa Estados Unidos ay ipinanganak sa ibang bansa, at ayon sa mga bagong pag-aaral, maraming mga nars, dentista, parmasyutiko, at katuwang sa kalusugan sa bahay ay mga imigrante. [27]

- Napag-alaman ng pag-aaral na nasa 29 na porsyento ng mga doktor ang ipinanganak sa ibang bansa, at halos pitong porsyento sa kanila ay hindi mamamayan ng U.S.
- Halos 24 porsyento ng mga dentista ay mga imigrante sa U.S., at apat na porsyento ay hindi mga mamamayan.
- Sa hanay ng mga parmasyutiko, 20 porsyento ay ipinanganak sa ibang lugar at halos apat na porsyento ay hindi mga mamamayan.
- Bahagyang mas marami sa 23 porsyento ng mga katuwang sa kalusugang pambahay, sa mental na kalusugan, at pag-aalaga ang ipinanganak sa labas ng U.S. at halos siyam na porsyento ang hindi mamamayan.

### Hindi nagtungo ang mga imigrante sa U.S. para tumanggap ng kapakanan

- Hindi pampublikong benepsiyo ang hinahabol sa imigrasyon, dahil malinaw na hinahadlangan ng U.S. ang mga hindi-dokumentadong imigrante mula sa pagkakamit ng pampublikong benepisyo at hindi makasali ang mga ligal na imigrante sa mga pangunahing pederal na programa sa benepisyo sa loob ng 5 taon, batay sa umiiral na pederal na batas. [28]

**Malabong gumamit ng pampublikong benepisyo ang mga imigrante sa U.S. kumpara sa mga indibidwal na ipinanganak sa U.S. [29]**

- Sa California, kung saan may mas malawak na daan sa pambansang benepisyo kaysa sa pederal na benepisyo, ipinapakita sa Pakikipanayam na Pananaliksik sa Kalusugan sa California ang malawak na karamihan ng nagpapalista para sa mga pampublikong programa ay mga mamamayang ipinanganak sa US: 70 porsyento sa Medicaid, 72 porsyento sa SNAP (mga selyo sa pagkain), tumatanggap ng 76 porsyento sa TANF (mga pamilyang may mga bata), at 68 porsyento sa SSI ay mga mamamayang ipinanganak sa US.

**Mas maraming pinansyang nai-aambag ang mga imigrante kaysa sa tinatanggap nila sa pangangalaga sa kalusugan. [30]**

- Ang mga pederal na polisiyang naglilimita sa bilang ng mga imigrante sa U.S. ay maaaring magresulta sa palubog na bilang ng mga taong "talagang kanais-nais". Nakatutulong ang mga imigrante sa pampribadong balon sa panganib sa insurance. Ibig sabihin nito, ang mga imigrante ang mga "malulusog" na panganib na nagbabayad para sa mga "masamang" panganib sa balon ng mga panganib sa insurance.
- Ang mga imigrante ang sumasagot sa 13% ng mga binabayarang premium sa mga pribadong nag-iinsure, habang 9% lamang sila sa gastos ng mga nag-iinsure. Ibig sabihin nito sa karaniwan, mas marami pang naibabayad ang mga imigrante para sa gastos sa medikal kaysa sa kanilang nakukuha.
- Hinigitan ng taunang premium ang gastos sa pangangalaga sa kalusugan ng $1,123 kada nakalista para sa mga imigrante,  per enrollee for immigrants, na siyang nagpagaan sa kakulangang $163 na dinaranas ng kada nakalistang ipinanganak sa U.S.

**Mas mababa ang per capita na gastos ng mga pampribado at pampublikong insurance para sa mga imigrante. [31]**

- Halos kalahati lamang ang gastos sa pangangalaga sa kalusugan ng mga imigrante kumpara sa dalawang-katlo para sa mga indibidwal na ipinanganak sa U.S.
- Sinasagot ng mga imigrante ang 12% sa pangka-buuang bilang ng populasyon sa U.S., ngunit 8.6% lamang sa pangkabuuang gastos ng U.S. sa pangangalaga sa kalusugan.
- Mas marami rin ang nai-aambag ng mga imigrante sa Medicaid kaysa sa kinukuha nila, at samakatwid ay mahalagang taga-ambag sa trust fund ng Medicaid. [30]

**Makabuluhan ang naiaambag ng mga imigrante sa industriya ng pangangalaga sa kalusugan ng U.S., na matinding naapektuhan ng kakulangan sa lakas-paggawa sa buong bansa. [32]**

- Noong 2017, sinasagot ng mga imigrante ang 18% ng manggagawang pangkalusugan sa pangkalahatan; at 23% ng mga pangmatagalang manggagawang tagapag-alaga.
- Binubuo ng nasa 30% ng mga imigrante ang mga manggagawa sa mga bahay kalinga, nangangalaga sa bahay, at nagma-mantina.

**Nasa 30% ng mga manggagamot sa U.S. ay mga imigrante. [33]**

- Umaasa ang US sa mga imigranteng manggagamot na punan ang kakulangan sa mga hindi ganap na napagseserbisyuhang lugar simula pa noong 1970.

- Habang tumatanda at humaharap sa kakapusan sa manggagawang pangkalusugan ang populasyon ng US, patuloy na gagampanan ng mga imigrante ang susing papel na kinakailangan sa lakas-paggawa na kinakailangan para alagaan ang tumatandang populasyon.

**Pinatataas ng imigrasyon ang pangkabuuang pang-ekonomiyang output ng bansa [34]**

- Isang pagtaya noong 2013 ang nagpapahiwatig na ang pangkabuuang taunang kontribusyon ng mga manggagawang ipinanganak sa ibang bansa ay humigit-kumulang $2 trilyon, halos 10% ng taunang GDP. [35]

**Katatagan ng ekonomiya, mas mabuting daan sa edukasyon at pangangalaga sa kalusugan ay mas handa nang makakamit kung hindi binabagabag ang landas sa ligalisasyon. [36]**

- Isang kritikal na mekanismo ang ligal na katayuan na nagbibigay-daan sa mga imigranteng magulang para tumaas sa hagdan ng ekonomiya, na positibong nakaaapekto sa mga susunod na henerasyon.

**Pinapadali ng ligalisasyon ang oportunidad para sa mga magulang na lumipat patungo sa panggitnang-uri at magkaroon ng pinansyang mailalaan sa edukasyon. [37]**

- Ang edukasyon ay isang importanteng mekanismo na nagbibigay daan patungo sa matatag na ekonomiya ng mga naunang henerasyon; edukasyon ang tumutulong upang mapabilis ang pag-asenso ng ikalawang henerasyon.”

**Pinatataas ng imigrasyon ang pangkabuuang pang-ekonomiyang output ng bansa at nagbibigay ng importanteng piskal na ambag ang mga kasunod na henerasyon [38]**

- Nagsusuplay ng mga manggagawa ang imigrasyon, na siyang nagtataas ng Gross Domestic Product (GDP) o ng pangkabuuang pang-ekonomiyang output ng bansa.
- Sa ulat ng National Academies of Sciences sa mga pang-ekonomiyang kahihinatnan ng imigrasyon noong 2017, tinatayang ang mga pangalawa at pangatlong henerasyong imigrante ay magdadala ng mas maraming pera sa bansa at sa mga lokal na badyet kaysa sa kinukuha nila. Para sa karaniwang pangalawa at pangatlong imigrante sa U.S., ang positibong net (hal. labis sa badyet) ay $1,700 at $1,300 ayon sa pagkakabanggit, sa pambansa at lokal na badyet.
- Sa California, ang positibong net ng imigrasyon ay $1,050 na na-average sa huling tatlong henerasyon.

**Tumutugon ang mga imigrante sa kritikal na kakulangan sa bilang ng manggagawa**

- Bukod sa pagpupuno ng mga puwang ng manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan at agrikultura, tumutugon din ang mga imigrante sa kritikal na kakulangan sa sektor ng edukasyon sa U.S.
- Mayroong kagyat na kakulangan sa mga guro, laluna sa math at science, sa ilang mga lugar sa palibot ng U.S. mula sa mga lugar sa kanayunan hanggang sa malalaking lungsod, gaya ng Baltimore and Chicago. Marami sa mga distritong ito ang pinupunan na lamang ang kagyat na pangangailangan sa pagtanggap sa mga imigranteng guro dahil walang sapat na lokal na guro na pupuno sa mga posisyon. [39]

**INIHANDA NINA NINEZ PONCE AT RITI SHIMKHADA,**
**Sentro ng Pananaliksik sa Polisiyang Pangkalusugan sa UCLA**
**sa Paaralang Nakatuon sa Pampublikong Kalusugan sa UCLA**



# SA MATA NG ISANG BATA

## Sanaysay para sa Ulat ng Komisyon ng Isang Bansa ni Helen Zia

Ang pinakamaaga kong memorya ng aking kabataan ay noong kalagitnaan ng 1950, nang ako'y halos tatlong taong gulang. Naroon ako sa Parke ng Roosevelt, isa sa pinakamalalaking parkeng pambayan sa New Jersey. Nakabihis ako ng isang matalbog na bestidang krinolina at ayaw na ayaw ko sa dahil matigas at makati ito sa pakiramdam. Ang kuya ko, na halos limang taong gulang, ay suot ang kanyang magandang dyaket sa ibabaw ng kanyang koboy na kamiseta at kasama namin ang aming dalawang taong gulang na kapatid na lalaki.

Lubos kaming mga batang nagkakasiyahan sa parke. Iniwan kaming sandali ng aking mga imigranteng magulang para magtungo sa isang malaking gusaling gawa sa ladrilyo na nasa burol. Gumulong ako pababa sa madamong umbok, habang tawa nang tawa. Tapos, tatakbo akong paakyat ng burol para umulit--na walang sinumang pumipigil sa aking malagyan ng mantsa ng damo ang ubod ng samang bestidang iyon.

Hindi nagtagal, dumating ang aking ama para dalhin kami sa loob ng napakalaking gusali. Umaalingasaw sa malalamig at madidilim na pasilyo ang amoy ng alkohol, pandisimpekta at iba pang matatapang na amoy. Pumapalatak ang mga sapatos kong Mary Jane sa matitigas na linolyum na sahig na kinuskos para kumintab nang maigi. Nang maabot namin ang aking ina, naghihintay siya sa amin pagkatapos ng kanyang eksameng medikal. Isang malaki, nakatayong makina ng x-ray ang nag-aabang sa malapit.

Maging si ina nakasuot din ng kanyang pinakamagandang damit. Ganoon din ang aking ama. Isang ispesyal na kaganapan ang pagbisita sa doktor. Na-diagnose na may tuberkolosis ang aking ina. Pagkatapos ng maraming taon ng tag-gutom at pang-aagaw sa panahon ng digmaan sa Tsina, ang pagod ng paglipat at pagiging hindi-dokumentadong refugee sa Amerika, pati na rin ang panganganak sa tatlong bata sa ilalim ng tatlong taon, walang laban ang kanyang huminang sistema sa tubercle bacillus ng TB. Ang Ospital ng Roosevelt, na matatagpuan sa parke, ay isang malaking palusugan (sanatorium) para sa TB na pinapatakbo ng estado na inatasan para pigilin ang paglaganap ng lubhang nakakahawang sakit.

Bagaman hindi na pinarurusahan ng kamatayan ang may TB, kinailangan pa ring ikuwarentina ng aking ina. Inako ng gobyerno ang bayarin namin dahil walang medikal na insurance ang aking mga magulang at walang kakayahang magbayad. Sa pagtingin ko ngayon, itinuturing ko pa kaming masuwerte: kahit pa naranasan ng mga magulang ko ang marahas na kalagayan sa imigrasyon at ang TB ng aking ina, nagkaroon naman ang pamilya ko ng daan para sa paggagamot ng malubha niyang karamdaman. Hindi na kinailangan na umabot pang mailagay sa higit na panganib ang kalusugan niya at ng lahat ng makakasalamuha niya.

Para naman sa ibang pangangalagang medikal, pagsasabihan niya kaming magkakapatid na huwag magkakasakit, dahil wala kaming perang pampaospital. Dahil sa limitadong pagkukunan ng pera para mabayaran ang mga gastusin, lagi niya kaming pinaaalalahanan na, "Kung kayong mga bata magpapasagasa sa sasakyan, siguraduhin ninyong Cadillac at hindi Volkswagen!" Sa tingin niya mas posibleng sasagutin ng may-ari ng Cadillac ang bayarin sa ospital. Tahimik kong kinukwestiyon ang pangangatwiran niya, dahil alam kong sa laki ng Cadillac na parang tangke, mapipisa kaming parang kalabasa. Mabuti na lamang, hindi namin naranasan.

Mayroon na noong patakaran sa Pampublikong Singil. Ngunit kahit noong panahong mahigpit ang mga katanungan ni McCarthy sa "mga kaaway sa loob," hindi inilapat ang patakarang iyon sa mga pamilyang imigrante na nangangailangan ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan, tulong sa pagkain o pabahay. Ngayon ginagamit ng White House ang Pampublikong Singil bilang pamalo, pilit na pinapapili ang mga legal na imigranteng pumili sa pagitan ng proteksyon sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang pamilya, o ilagay sa panganib ang katayuan nila sa imigrasyon.

Ngayon, ang mga migranteng legal na naririto ay natatakot nang kumuha ng pangangalagang medikal para sa kanilang mga anak at kamag-anak na may sakit. Hindi na sila naghahanap ng tulong sa pagkain o pabahay dahil natatakot silang dahil sa patakaran sa Pampublikong Singil mapapahamak ang katayuan nila at ng kanilang pamilya bilang mga legal na imigrante at pipigil sa kanilang pagiging permanenteng resident o mamamayan ng U.S. o baka maari pang maging sanhi ng deportasyon.

Talagang mayroon silang matibay na dahilan para mabahala, dahil nilinaw ng kasalukuyang Administrasyon ang intensyon nito--ang magtayo ng pisikal at burukratikong pader laban sa mga migrante mula sa mga "sh-t na bansa" ng Aprika, Asya at Latin Amerika. Nilikha ang Pampublikong Singil at iba pang mga hadlang hindi lamang para harangan ang mga imigrante mula sa pagpasok sa bansa kung hindi sila puti o mayaman, ngunit para bigyang-katwiran ang paghihiwalay ng mga pamilya;

pagbibilanggo sa mga bata pati na matatanda sa ilalim ng mga kondisyong sumasalungat sa mga karapatang pantao at naging sanhi ng pagkakasakit at kamatayan; at nagpatapon ng mga tao nang walang pagsasaalang-alang ng kanilang ligtas na pagbabalik, kabilang ang mga batang may malubhang sakit at mga matatandang inampon ng mga Amerikano mula sa ibang bansa noong sila ay mga sanggol pa. Isang araw itatala ng kasaysayan ang mga paglapastangang ito bilang mga krimen sa sangkatauhan.



Noong 1950s, nagwakas ang visa ng aking mga magulang dahil hindi sila makabalik sa Tsina pagkatapos ng rebolusyong Komunista. Dapat ipapatapon sila--ngunit pinagpasiyahan ng mga opisyal ng imigrasyon sa U.S. na sobrang sukdulan kung ihihiwalay ang mga magulang sa kanilang mga anak na ipinanganak na Amerikano -- kahit pa noong malupit na panahon ni McCarthy. Paglipas ng panahon, naging mamamayan ng U.S. ang aking mga magulang, nagpalaki ng anim na mga batang Amerikano: lima sa mga ito ay mga lingkod publiko, na pinapalakas ang kapaligiran, komersyo, pagbabangko, kita, patas na pabahay, mga gawaing beterano, at marami pang iba sa Amerika. Tatlo sa mga ito ay marangal na naglingkod sa Hukbong-Dagat, Marino, at Hukbong Panghimpapawid ng U.S. Kung nawasak ang pamilya ko nang dahil sa deportasyon o nasira dahil sa hindi nagamot na karamdaman, wala sa anumang ambag na ito ang nangyari.

Hindi na sila naghahanap ng tulong sa pagkain o pabahay dahil natatakot silang dahil sa patakaran sa Pampublikong Singil mapapahamak ang katayuan nila at ng kanilang pamilya bilang mga legal na imigrante at pipigil sa kanilang pagiging permanenteng resident o mamamayan ng U.S. o baka maari pang maging sanhi ng deportasyon.

Talagang mayroon silang matibay na dahilan para mabahala, dahil nilinaw ng kasalukuyang Administrasyon ang intensyon nito--ang magtayo ng pisikal at burukratikong pader laban sa mga migrante mula sa mga “sh-t na bansa” ng Aprika, Asya at Latin Amerika. Nilikha ang Pampublikong Singil at iba pang mga hadlang hindi lamang para harangan ang mga imigrante mula sa pagpasok sa bansa kung hindi sila puti o mayaman, ngunit para bigyang-katwiran ang paghihiwalay ng mga pamilya; pagbibilanggo sa mga bata pati na matatanda sa ilalim ng mga kondisyong sumasalungat sa mga karapatang pantao at naging sanhi ng pagkakasakit at kamatayan; at nagpatapon ng mga tao nang walang pagsasaalang-alang ng kanilang ligtas na pagbabalik, kabilang ang mga batang may malubhang sakit at mga matatandang inampon ng mga Amerikano mula sa ibang bansa noong sila ay mga sanggol pa. Isang araw itatala ng kasaysayan ang mga paglapastangang ito bilang mga krimen sa sangkatauhan.

Noong 1950s, nagwakas ang visa ng aking mga magulang dahil hindi sila makabalik sa Tsina pagkatapos ng rebolusyong Komunista. Dapat ipapatapon sila--ngunit pinagpasiyahan ng mga opisyal ng imigrasyon sa U.S. na sobrang sukdulan kung ihihiwalay ang mga magulang sa kanilang mga anak na ipinanganak na Amerikano -- kahit pa noong malupit na panahon ni McCarthy. Paglipas ng panahon, naging mamamayan ng U.S. ang aking mga magulang, nagpalaki ng anim na mga batang Amerikano: lima sa mga ito ay mga lingkod publiko, na pinapalakas ang kapaligiran, komersyo, pagbabangko, kita, patas na pabahay, mga gawaing beterano, at marami pang iba sa Amerika. Tatlo sa mga ito ay marangal na naglingkod sa Hukbong-Dagat, Marino, at Hukbong Panghimpapawid ng U.S. Kung nawasak ang pamilya ko nang dahil sa deportasyon o nasira dahil sa hindi nagamot na karamdaman, wala sa anumang ambag na ito ang nangyari.

Nalaman ko ang tungkol sa muntikang deportasyon ng aking mga magulang noong tinatapos ko ang aking librong Ang Huling Bangka Papalabas ng Shanghai (Last Boat out of Shanghai)--at nilayon kong isama ang kuwento ng kanilang mga pandinig sa imigrasyon. Ngunit, nang sumulpot ang mga kontra-imigranteng pag-atake mula sa Washington, kabilang na ang Pampublikong Singil, may ilang mga pulitiko ang nanawagan na alisin ang pagkamamamayan maging sa mga legal na imigranteng gumamit ng mga benepisyo. Nagsimula akong matakot na baka ang mga paghahayag ko sa aking libro ay magpahamak sa aking 87 taong gulang na ina--at kinonsidera kong burahin ang mga sipi na iyon.

Sa kasamaang palad, yumao ang aking ina bago ko pa matapos ang aking libro, at hindi ko na tinanggal ang kanyang mga kuwento tungkol sa imigrasyon. Kahit matindi na ang pangungulila ko sa aking ina, masaya akong hindi na niya nakikita pa kung ano ang nangyayari sa mga migrante ngayon. Katatakutan niya ang kalupitang nagpapahirap sa mga bagong henerasyon ng migrante sa kanyang hiram na bansa, sa ilalim ng pagkukunwari ng Pampublikong Singil.

Dapat mayroong pagkakataon ang mga bata na lumikha ng masasayang memorya, hindi ang panghabambuhay na matakot mula sa trauma ng paghihiwalay, detensyon, at kawalangkatiyakan nang dahil lamang sa lugar kung saan sila ipinanganak, kulay ng kanilang balat, kinaaaniban nilang relihiyon, pinakakilala nilang wika, kanilang kasarian, edad, kita, edukasyon, kapansanan at iba pang katangian natin bilang tao.

Higit sa sangkatlo ng lahat ng mga Amerikano ay direktang may kaugnayan sa mga imigrante o ay mismong mga imigrante rin. Mayroong kuwento ang bawat isa sa pagsisimula sa katakuttakot na kursong may panganib; ang matatag na kalooban na makaligtas sa mga kahirapan sa dislokasyon, madalas sa mga hindi-magigiliw na lupain; ang pangangailangan na umangkop sa mga kultura na lubos na kaiba ng sa kanila. Nakakapukaw sila dahil sa kanilang katatagan at itinuturo nila na ang espiritu ng tao ay pumapayag na ipagsapalaran ang lahat para makahanap ng kapayapaan at kanlungan mula sa kapahamakan, kahit pa ang kanilang mga sakripisyo ay hindi magbunga hanggang sa mga susunod na henerasyon.

Ang kuwento ng aking mga magulang ang nagbigay sa akin ng kakayahang makita ang mga krisis ng migrasyon ngayon sa pamamagitan ng mga mata ng isang bata. Hindi na dapat abutin ng mas marami pang henerasyon ng mga migrante para maunawaan ng iba kung bakit ipagsasapalaran ng mga tao ang lahat para lamang makahanap ng kaligtasan para sa kanilang pamilya, harapin ang tirgas sa hangganan, sagupain ang maaalong dagat gamit ang mga gomang balsa, sa takot na ang susunod na bangka, eroplano, tren o bus ay maaaring ang huling paraan para makatakas.

O para mapagtanto ng bansang ito na ang mga imigrante at refugee ay mas pinalalakas ang Amerika, nagbibigay ng mas higit pa kaysa sa kailanma’y kukunin nila.



# Harap ng Digmaan sa Imigrasyon

## Ang Nagpapalipat-lipat na Ligal na Labanan

Ang mga paghihigpit sa mga Tsino at iba pang mga imigranteng Asyano batay sa kanilang lahi, pati na rin ang pagkilalang dukha ang mga imigrante, ay naging bahagi ng kasaysayan ng mga batas sa imigrasyon ng U.S. na pinagtibay ng Kongreso at ipinatupad ng ehekutibong sangay.

Sa magkapanabay na panahon, ang Batas sa Karapatang Sibil ng 1964 ay sinundan ng Batas sa Imigrasyon ng 1965 na nag-alis ng sistema sa pambansang pinagmulang kota na ilang taon nang matinding hinihilig ang pagtatangi ng imigrasyon sa mga imigranteng mula sa Hilagang Europa. Sa unang pagkakataon, ang mga imigranteng mula sa Latin Amerika, Asya, at Aprika ay nabigyan nang mas pantay na pagtrato--at tumaas ang imigrasyon mula sa Asya at Mexico.

Simula noon, inilunsad ang mga kontra-imigranteng panuntunan at batas para paghigpitan ang mga mas bagong imigrante, kabilang ang mga kasalukuyang pagbabago sa batas sa “pabigat sa publiko”. Ito ay humarap sa matinding paglaban mula sa komunidad sa pamamagitan ng adbokasiya sa pamamahala, mga batas sa Kongreso, at mga ligal na hamon sa mga korteng pederal. Kabilang sa mga kilalang kaganapang ito ang.

## 1970~1980

Nang ipanukala ang pederal na batas para limitahan ang batay sa pamilyang imigrasyon sa pamamagitan ng pag-aalis ng kategorya sa visa para sa magkakapatid, tumugon ang mga tagapagtaguyod na Asyano-Amerikano ng matagumpay na kampanya para turuan ang mga mambabatas at ang publiko sa mga epekto ng paghihiwalay ng pamilya at ang pagsasama-sama sa mga AAPI na komunidad na higit ang mga imigrante at refugee.

## 1994

Sa California, inaprubahan ng mga botante ang Panukala 187, na nagbawal sa mga hindi dokumentadong imigrante mula sa paggamit ng hindi-emergency na pangangalaga sa kalusugan, pampublikong edukasyon, at iba pang serbisyo ng estado. Sa araw matapos maipasa ang batas na ito, nagpasa ng mga kaso ang mga tagapagtaguyod laban sa batas at isang korteng pederal ang nagdeklara na salungat ito sa batas. Hindi nagkabisa kailanman ang Panukala 187.

## 1996

Ipinasa ng Kongreso ang Batas sa Pagkakasundo sa Pansariling Responsibilidad at Oportunidad sa Trabaho (tinawag na "reporma sa kapakanan") at Batas sa Reporma sa Iligal na Imigrasyon at Responsibilidad ng Imigrante (tinawag na "reporma sa imigrasyon"), sa pagsakay nito sa takbo ng Pan. 187, upang paghigpitan ang mga imigrante sa pagiging karapat-dapat sa pampublikong benepisyo, kabilang na ang pagdidiskwalipika sa mga bagong ligal na permanenteng residente sa karamihan ng mga pampublikong benepisyo sa loob ng 5 taon, at paghigpit ng pagpapatupad laban sa mga isponsor ng mga bagong imigrante. Upang punan ang likod ng kawalan ng benepisyong pederal, nag-organisa ang mga tagapagtaguyod ng mga imigrante sa antas ng estado na magkaroon ng mga programang pinondohan ng estado. Sa Sacramento, CA, daan-daang mga imigrante ang bumisita sa kanilang mga kinatawan para ipakita ang kanila kaso, sa kauna-unahang "Araw ng Imigrante," na ngayon ay taunan nang kaganapan.

## 1999

Upang pigilan ang nakapanlalamig na epekto ng batas sa "reporma sa imigrasyon", humiling ng paglilinaw mula sa Serbisyo sa Imigrasyon at Naturalisasyon ang mga organisasyon ng karapatang pang-imigrante tungkol sa kung anong benepisyo ang binubuo ng "Pabigat sa Publiko." Naglabas ang INS ng mga nakasulat na gabay na malinaw na nagpapahayag na limitado lamang ang kaugnayan ng Pabigat sa Publiko, tanging sa mga kaso lamang kung saan ang aplikante sa ligal na permanenteng paninirahan ay pangunahing nakadepende sa tulong pinansyal ng gobyerno, gaya ng SSI o Pangkalahatang Tulong, o pangmatagalang pangangalaga.

## 2017

Inendorso ng Pangulong Donald Trump ang Batas sa Pagrereporma sa Imigrasyon sa Amerika para sa Malakas na Empleyo (RAISE, S.1720) na hahati sa ligal na imigrasyon sa gitna, at mag-aalis sa imigrasyon ng mga kapatid at magulang ng mga mamamayan ng U.S.; ang pinakamalaking epekto ay ang paghihigpit sa mga miyembro ng pamilyang Mexicano at Asyano sa pagdayo. Maraming Asyano, Amerikano, at batay sa pananampalatayang mga grupo ang kumilos para tutulan ang atakeng ito sa mga pagsasama-sama ng pamilya at mga imigrante. Kaiba sa S.1720, pinasimulan ng Kongresistang si Judy Chu (D-CA) ang Batas sa Muling Pagsasama ng mga Pamilya (H.R.3799) upang palawakin ang batay sa pamilyang imigrasyon; noong Setyembre 1, 2019, ang H.R. 3799 ay mayroong 49 na kapwa-isponsor, samantalang tatlo lamang sa S.1720.

## 2018

Nagpanukala ang Administrasyong Trump ng radikal na pagpapalawak ng Pabigat sa Publiko. Gagawa ng mga pangkalahatang kategorya ang pagpapalawak na ito na magkakaila sa mga imigrante mula sa pagkuha ng ligal na permanenteng paninirahan batay sa kanilang: edad (sobrang bata o sobrang tanda); antas ng edukasyon; kahusayan sa Ingles o kung nakatanggap sila ng Medicaid (pangangalagang medikal), SNAP (mga selyo ng pagkain), o tulong sa pabahay. Sa panahon ng pampublikong komento para sa ipinanukalang pagbabago sa regulasyon ng Pabigat sa Publiko, ang mga kampanya sa edukasyon ng mga tagapagtaguyod ng mga imigrante ay lumikha ng bilang ng mga pampublikong komento na hindi pa nagagawa noon: mahigit sa 266,000 komento, halos lahat ng kontra sa ipinanukalang Pabigat sa Publiko, kabilang ang 23,000 komento mula sa mga Asyano Amerikano at mga taga-Isla Pasipiko.

## 2019

Pinasimulan ng Representanteng si Chu ang H.R.3222, ang Batas sa Walang Pondo para sa Pabigat sa Publiko, upang ipagbawal ang pederal na paggasta para ipatupad ang pinalawak na regulasyon sa pagpapabigat sa publiko; noong Setyembre 6, 2019, mayroon nang 93 kapwa-isponsor ang batas na ito.


Bilang higit na pagpapalawak ng mga atake nito sa mga imigrante, naghahanda ang Administrasyon ni Trump ng panukala para i-deport ang mga ligal na imigrante na mga ligal na permanenteng residente batay sa pinalawak na batas sa Pabigat sa Publiko.

Binuo ang One Nation Commission upang mabigyang boses ang ga alalahanin ng mga Asyano-Amerika at mga komunidad ng mga merikanong taga-Isla Pasipiko, na may higit pang bilang ng mga imigrante kaysa sa ibang lahi/etnikong grupo sa US.

## Tháng 8/2019

Napinalisa na ang pinalawak na regulasyon sa pagpapabigat sa publiko, na magiging epektibo sa Oktubre 15, 2019. Anim na kaso ang inihain ng 20 estado, lokal na nasasakupan, at mga organisasyong nakabatay sa komunidad, pinangangatwiranan na ang pagpapalawak ng regulasyon sa Pabigat sa Publiko ay isang iligal na aksyon ng ehekutibo at pagdidiskrimina sa lahi laban sa mga Asyano, Latino, at iba pang mga imigranteng hindi puti.

**Ang timeline na ito ay sinaliksik at isinulat ni Ignatius Bau.**



# Ang Pabigat sa Publiko ay Atake sa Pampublikong Kalusugan.

Noong huling bahagi ng 1800, ang mga taga-Europang imigrante sa Massachusetts at New York ang target ng batas na Pabigat sa Publiko; nilalayon ng mga mambabatas na pigilin silang makapasok sa U.S. dahil maaari raw nilang gamitin ang mga benepisyong publiko. Itong kontra-imigranteng hakbang na ito sa Silangang Baybayin ay nakatutok sa mga Irlandes at Italyano sa parehong panahon kung kailan may mga grupo ng puting manggagawa sa Kanlurang Baybayin--na pinangunahan ng mga imigranteng Irlandes--ang nagkakagulo laban sa at walang habas na pumapatay ng mga imigranteng Tsino, nananawagan ng paglilinis ng mga lahi na nagresulta sa Batas sa Pagbubukod ng mga Tsino ng 1882 at hindi kalaunan pinuntirya ang lahat ng mga imigranteng Asyano. Ang mga Irlandes, Italyano, at Tsinong migrante na kinayang makapasok sa U.S. noon ay dumaan sa miserableng kondisyon ng pamumuhay na naging panganib sa kalusugan ng publiko dahil sa dali nilang kapitan ng sakit.

Ngayon, ang panukalang radikal na pagpapalawak ng hindi umuunlad na batas na Pabigat sa Publiko ay isang lubos na pagsasawalang-bahala ng mga hangganang binigyang sistema ng Kongreso noong 1999. Sa pagtatanggi sa mga imigrante ng posibilidad para sa isang ligal na permanenteng tirahan kung sila ay makakakuha ng benepisyong karapat-dapat nilang matanggap, gaya ng Medicaid (alagang medikal), SNAP (selyo sa pagkain), o tulong sa pabahay, itong pinakabagong kontra-imigranteng pagbabagong ito ay magdudulot ng malawakang pagdurusa at mas magastos na pangangalaga nang walang daan para sa napapanahon, naaangkop, at pang-iwas na gamot.

Maraming organisasyon sa pangangalaga sa kalusugan mula sa maraming sulok ng sistema ng pangangalaga sa kalusugan, gaya ng American Medical Association at American Academy of Pediatrics, ang nagsalita laban sa ipinapanukalang batas. Dito, tatlong miyembro ng One Nation AAPI Commission ay mga manggagamot, at iniaalok ang kanilang pananaw sa mga pagsubok sa kalusugang ito.



**Tung Nguyen, MD**

Tagapangulo

AAPI Progressive Action*

Bilang doktor, alam kong hindi ang kalusugan ang Numero Unong alalahanin ng mga pasyente. Ang kanilang mga unang prayoridad ay ang pagkakaroon ng bubong na masisilungan at pagkain para sa kanilang mga pamilya. Ang paggasta ng kaunting halaga para sa pangangalaga sa kalusugan ay sekondarya lamang, laluna kung mayroong kakulangan sa pagkain o kawalan ng matitirhan. Kapag hindi nakakakuha ng masustansyang pagkain ang tao, napapabayaan nila ang pangangalaga sa kanilang kalusugan. May karagdagang alalahanin pa sa imigrante bukod sa pag-iisip kung saan sila titira, anong kakainin, mayroon silang pangamba na baka ma-deport sila, partikular marahil sa tuluy-tuloy na pag-atake sa mga imigrante at sa mga ipinapanukalang pagbabago sa patakaran sa imigrasyon.

Dahil sa dumaraming alalahanin, nagkakaroon ng kemikal na tugon ang katawan na nagdudulot ng pagkakasakit ng mga tao at higit pang paglala ng pangkalahatang kalagayan ng kalusugan. Mas maraming tao ang dadagsa sa mga emergency room o magiging palaboy, na may mas malaking singil sa lahat.

Sa larangan ng pananaliksik, ang pagkakaroon ng mas maraming pagkakaiba hangga’t maaari ay susi sa paglutas ang mga problema, dahil hindi mo alam ang hindi mo nalalaman. Kailangan mo nang maraming ibang pananaw para matulungan kang punan ang mga pagkukulang na maaaring nakaligtaan mo. Kapag kaya mong bumuo ng grupong sapat ang pagkakaiba, makakukuha ka ng mas mabubuting resulta.

Totoo rin ito para sa demokrasya--kapag mayroon kang ganap na partisipasyon mula sa mamamayan, magkakaroon ng mas maraming ideya na makatutulong para lumutas ng mga problema. Subalit dahil sa Pabigat sa Publiko, kapag pinalayas ng gobyerno ang ilang buong grupo ng mamamayan, maaari tayong mawalan ng mga napakatalinong solusyon sa mga problema ng hinaharap.



**Paul Song, MD**

COO/CMO,

NKMaxAmerica, Inc*

Tinatayang 29 na milyong Amerikano ang hindi naka-insure, na marami ang mula sa mga komunidad ng kulay at/o hindi dokumentadong imigrante; libu-libong tao ang namamatay kada taon dahil sa kakulangan ng coverage; daang-libong tao ang nababangkarote taun-taon dahil sa medikal na karamdaman; 30+ milyong naka-insure na Amerikano na may mataas at hindi-abot-kayang gastos at pagkakaltas sa kanilang kita ang kinokonsiderang sila ay hindi ganoong naka-insure.

Apatnapu't apat na porsyento ng mamamayang may insurance ang magpapaliban sa pagpapaalaga dahil hindi nila kayang bayaran ang kanilang mga co-pay at kakaltasin, habang 1 sa bawat 10 Amerikano ang liliban sa pagpuno ng kanilang paggagamot dahil hindi nila kaya ang gastos; at hindi hayag na milyong tao ang patuloy na naghihirap na bayaran ang kanilang buwanang hulog. Ang totoo rito, mayroon tayong sira at hindi makataong sistema sa pangangalaga sa kalusugan na hindi gumagana.

Dahil sa ipinapanukalang Pabigat sa Publiko, mas lalong lalala ang kalagayan ng kalusugan ng mamamayan. Malaking bahagi ng mga imigrante ang hindi naka-insure o underinsure, kabilang na rito ang komunidad ng AAPI. Sa lahat ng kabahagi ng mga Asyano-Amerikano at taga-Isla Pasipikong grupo sa U.S., ang mga Koreano-Amerikano ang nananatiling hindi naka-insure, samantalang ang Korea ay mayroong sistema ng isahang bayad sa pangangalaga sa kalusugan na kinikilala bilang pinakaabante sa buong mundo.

Bilang isang Oncologist, naggagamot ako ng mga pasyenteng nasa ilalim ng Medicaid--marami sa kanila ay mga imigranteng naririto nang ligal. Dahil sa Pabigat sa Publiko, itong mga ligal na imigranteng natatakot na maaaring hindi na sila makakuha ng Green Card kung sumubok silang gumamit ng sistemang medikal ay mas lalong dadalang sa pagdadala sa kanilang mga anak sa doktor kapag nagkakasakit, o magsagawa ng pangkalahatang check-up para makaiwas sa sakit. Hahayaan na lamang ng isang imigranteng babae ang bukol sa kanyang dibdib, kahit na ang maagang paggagamot ay makagagawa ng pagkakaiba sa bingit ng buhay at kamatayan..

Nakikita ko na agad ang epekto ng takot sa potensyal na pagbabagong ito--nakikinita kong maraming tao ang dudulog dito nang huli na ang lahat para sa kanilang karamdaman, nang may mas malalaking tumor at metastasis. Ito ang mga taong nasa komunidad natin--ang ating mga kapitbahay, umaani ng pagkain, naglilinis ng bahay, nag-aalaga sa ating mga anak at matatanda. Ang kanilang kalusugan ay larawan ng kalusugan ng ating lipunan.



**Kyu Rhee, MPP, MD**
VP/Punong Opisyal sa Kalusugan
**IBM***

Sa aking karera bilang doktor sa pangunahing pangangalaga, marami na akong nagamot na mga imigranteng nagmula sa mga bahagi ng Latin Amerika, Timog-Silangang Asya, Silangang Europa na nagpunta rito para sa mas maraming oportunidad sa kanilang pamilya, na magiging  iyembro ng nag-aambag sa lipunan. Ang halaga ng ibinibigay ng mga imigranteng ito sa Amerika ay malinaw na katibayan kung anong ibig sabihin ng pagiging bansa para sa mga imigrante, laluna kapag ibinibigay ng mga imigranteng ito ang kanilang pagbabago at pagkakaiba.

Naging saksi ako sa hindi pagkakapantay-pantay ng kalusugan sa bansa, sa mga rural at urban na sentro ng kalusugan, kung saan pinagsisilbihan ng mga imigranteng nangangalaga sa kalusugan ang lahat ng agkakaiba-ibang populasyon anuman ang kakayahan nitong magbayad. Ang mga imigranteng iyon na nangangalaga sa kalusugan ay nag- ambag sa mga miyembro ng pamilya at komunidad ng kanilang mga pasyente, mula bata hanggang matatanda. Tumutulong silang paandarin ang makina ng lipunang Amerikano.

Maraming imigrante sa bansang ito. Dapat silang magkaroon ng daan para sa mga mahahalagang yaman, gaya ng pangangalaga sa kalusugan, edukasyon, trabaho, para siguruhing makakapag-ambag ang mga taong ito sa bansa at makapagbibigay ng oportunidad sa mga miyembro ng kanilang pamilya at komunidad.

“Ang aking ama ay naglingkod bilang isang tagapangasiwa sa INS sa kanyang buong karera at pinalaki niya akong alam na pinalalakas ng mga imigrante ang ating bansa at bawat tao ay mayroong mga karapatan may utang sa kanilang pagdamay. Ang One Nation ay panlunas sa lahat ng mga nakakatakot na pag-atakeng ito sa mga imigrante.”

**Scott Coffin**

CEO, Alameda Alliance for Health (Alyansa sa Kalusugan ng Alameda)

*Inilista ang mga organisasyong ito para lamang sa pagkakaugnay



# Ang mga imigrante ay Nagpapalakas ng konomiya

## Ang mga Imigrante ay bahagi ng Solusyon

Simula nang bago maitatag ang Estados Unidos, nang isisi ni Ben Franklin sa mga nagdatingang Aleman ang mga sakit sa kolonya ng Pennsylvania, palagiang isinisisi ng mga kalaban ng imigrasyon sa mga imigrante ang mga lokal na problema. Ang mga imigranteng nagmula sa mga bansang tahanan ng mga “maiitim na lahi” gaya ng Aprika, Asya, at Latin Amerika, sa partikular ay itinuring na hindi kanais-nais, inakusahang sanhi ng pagbagsak ng ekonomiya at pag-agaw ng trabaho mula sa mga manggagawang Amerikano. Ipinapaulit-ulit ang pahayag na ito upang bigyang-katwiran ang kontra-imigranteng paghihigpit ng mga kamakailang taon, kabilang na rito ang paghihiwalay ng magpapamilya; pagkukulong ng mga bata at iba pa sa ilalim ng mga hindi-makataong kondisyon--na humahantong sa maraming pagkamatay; deportasyon; pagtalikod sa mga taong biktima ng paglabag sa kanilang karapatan na naghahanap ng kalinga; pagtanggi sa daan tungo sa pagkamamamayan ng mga Nangangarap na dinala sa U.S. noong bata pa; at ang batas sa Pabigat sa Publiko.

Ngunit maraming pag-aaral, gaya ng sa Economic Policy Institute, ang nagwawaksi ng mga simpleng pahayag na ito at itinuturo ang pangunahing problema:

Para malinaw, ang hamon na iniharap sa mga manggagawa sa U.S. ay hindi simpleng presensya ng mga manggagawang imigrante sa merkado ng paggawa; kundi ang hindi paggana para sa mga manggagawa ng ating kasalukuyang sistema sa imigrasyon. Sa halip, nakikinabang lamang dito ang mga mabababang employer na pinagsasamantalahan ang katayuan ng mga hindi awtorisadong imigrante at awtorisadong mga panauhing manggagawa sa pamamagitan ng ligal na balangkas na nagbibigay ng pababang panggigipit sa sahod at iniiwan ang mga manggagawang migrante na walang kapangyarihang igiit ang kanilang karapatan sa paggawa at papanagutin ang mga employer. Pinipinsala nito ang parehong mga migrante at mga manggagawa sa U.S.—mga mamamayan at ligal na permanenteng residente—na nagtatrabahong kasama nila.

Kayang ireporma ng mga polisiya at batas ang sistema sa imigrasyon ng U.S. sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligal na katayuan sa pagiging permanenteng residente sa kasalukuyang populasyon ng mga hindi awtorisadong imigrante; pagrerebisa ng programa sa batas ng pansamantalang visa sa pagtatrabaho; pagbibigay-bisa sa mga bagong proteksyon mula sa paghihiganti sa manggagawang migrante; paglalaan ng mas maraming pondo para sa pagpapatupad ng mga pamantayan sa paggawa; at permanenteng pagbabawal sa mga employer na mag-hire sa pamamagitan ng mga programa sa pansamantalang visa sa trabaho kapag lumabag sila sa mga batas sa imigrasyon o paggawa. [41]

**Higit na ipinapakita ng mga makatotohanang impormasyon tungkol sa mga manggagawang imigrante ang mga kapakinabangang ibinibigay nila sa lipunan. Sila ay biyaya sa lahat, kabilang ang mga manggagawang Amerikano:**

- Napinsala ang pangkalahatang ekonomiya at lahat ng mga manggagawa sa U.S. ng kasalukuyang sistema sa imigrasyon at ligal na balangkas na pinalulumbay ang sahod at pinakikinabang ang mga employer na nananamantala sa katayuan sa imigrasyon ng mga hindi-awtorisado at awtorisadong imigrante at panauhing manggagawa.[42]

- Ang mga imigrante ay mahalagang bahagi ng ating imprastraktura sa paggawa sa U.S., ginagawa ang mga trabahong madalas hindi ginagawa ng mga Amerikano, gaya ng trabaho sa serbisyo (dayuhan 32.5% vs. katutubo 15.9%), kabilang dito ang suporta sa kalusugan, serbisyo sa proteksyon, paghahanda at pagsisilbi ng pagkain, pagtatayo at paglilinis ng paligid, at pansariling pangangalaga. Kabilang sa nangungunang trabaho ng mga manggagawang dayuhan ang tagalinis, tagaluto, tsuper, rehistradong nars, kahera, manggagawang agrikultura.[43]

- Mas malamang ng 15% na magtrabaho sa hindi karaniwang oras ang mga imigrante kaysa sa mga empleyadong ipinanganak sa U.S., tinutukoy bilang anumang oras sa pagitan ng 8:00 ng gabi hanggang 6:00 ng umaga kapag weekday o anumang oras kapag weekend.[44]

- Nakapag-aral ang mga imigrante – 83% ng mga bagong dating at nasa hustong gulang ay nakatapos ng high school, mula sa 53% noong 1990, at ngayon katulad ng nakamit na edukasyon ng mga residenteng ipinanganak sa U.S. na nasa 79%. [45]
- Ang mga anak ng mga imigrante--ikalawang henerasyon--ay kabilang sa mga pinakamalalakas na nag-aambag sa ekonomiko at piskal sa populasyon. Malamang na mas higit pang positibo ang tinatayang matagal nang epektong piskal ng mga imigrante at kanilang mga anak kung isasaalang-alang ang kanilang papel sa pagpapanatili ng paglago ng hukbong paggawa at pag-aambag sa pagbabago at aktibidad sa pagnenegosyo.[46]
- Kung hindi dahil sa mga imigrante, uurong ang lakas-paggawa ng U.S., at ang pederal na gobyerno ay haharap sa malaking depisito sa mga programang tulad ng Seguridad sa Lipunan, na hindi magkakaroon ng sapat na kita mula sa mga manggagawa upang suportahan ang tumatandang populasyon, na magpapabagal ng pag-unlad ng ekonomiya, ayon sa Pew Research Center.[47]
- Aabot sa 17,700 na trabaho ang maaaring mawala sa California pa lamang, na maaari ring magresulta sa pagbaba ng mga tubo mula sa income tax at sales tax kung magkakabisa ang ipinanukalang batas sa Pabigat sa Publiko.[48]